

Anong mga serbisyo ang inihahandog ng TDSB sa mga nag-aaral ng wikang Ingles?

- Ang Literacy Academic Enrichment Program (LEAP) sa 36 na elementarya at 14 na sekundaryong mga paaralan para sa mga estudyanteng may limitadong naunang pormal na edukasyon
- Mga serbisyo ng pagsasalin-wika at interpretasyon
- Apat na Newcomer Reception Centres, na nagbibigay ng paunang pagtatasa para mga bagong dating na estudyante sa paaralang sekundaryo
- First Language Assessments (sa mahigit na 40 mga wika) para sa mga bagong dating na ang tagumpay sa akademiko ay maaring malagay sa panganib, o maaring may espesyal na mga pangangailangan
- Pakikipagsamahan sa pamprobinsiyal na mga settlement workers sa mga paaralan upang matulungan ang mga bagong dating na mga pamilya at mga estudyante



Paano ko matutulungan ang pag-aaral ng aking anak?

Makisali at tulungan ang inyong anak na maging matagumpay sa pamamagitan ng:

- Pakikipag-usap sa guro/paaralan/ ng inyong anak tungkol sa kanilang trabaho at progreso
- Pagdalo ng Meet the Teacher Nights at Mga Parent Teacher Interview
- Pagrerepaso at pakikipag-usap sa inyong anak at sa kanilang mga guro ng tungkol sa report kard
- Pag-aalam ng tungkol sa pamprobinsyal na pagsusuri (EQAO) sa mga Grado 3, 6, 9 sa www.eqao.com
- Pagiging mapasensiya at matulungin: ang pag-aaral ng isang bagong wika ay nangangailangan ng panahon!
- Pagkuha ng mga tip sa 15 mga wika ng tungkol sa pagtulong sa inyong anak sa pagbabasa, pagsusulat, at matematika sa: www.edu.gov.on.ca/abc123/
- Pagdadala ng inyong anak sa inyong lokal na sangay ng Toronto Public Library

Para sa karagdagang impormasyon, paki kontak:

Ang Guro ng Inyong Anak sa: _____
Ang Paaralan ng Inyong Anak sa: _____

O mangyaring bisitahin lamang ang Website ng TDSB:

www.TDSB.on.ca



Ano ang ESL/ELD na tulong?

Ang karamihan ng mga estudyante ay nakapagbabasa at nakapagsusulat sa kanilang unang sa kanilang pagdating sa Canada nguni't may limitadong kakayahan sa wikang Ingles. Ang English as a Second Language (ESL) na mga programa ay tumutulong sa mga estudyante na mag-aral ng Ingles upang sila ay lubos na makalahok sa kurikulum at buhay-pampaaralan na kasama ng mga kamag-aral na nagsasalita ng Ingles



Ang mga estudyanteng tumatanggap ng English Literacy Development (ELD) na tulong ay dumadating sa mga paaralan ng Ontario na may limitadong priyor na access sa pormal na edukasyon. Ang mga programang ELD ay tumutulong sa mga estudyante upang mapabuti ang kakayahan sa pagbasa at pagsusulat sa wikang Ingles. Sila rin ay nakakatanggap ng kaalamang pang-akademiko sa iba't-ibang mga paksa na katulad ng matematika at araling panlipunan.

Anong ESL/ELD na tulong ang naroroon para sa mga estudyante sa elementarya?

- Sari-saring mga modelo ng programa, suporta, at tulong ang naroroon para sa mga estudyante ng ESL
- Depende sa paaralan, ang mga estudyante ay mayroong access sa:
 - >Natatanging kalahating-araw na mga klase para sa mga bagong dating
 - >On-site na mga guro ng ESL na tumutulong sa mga estudyanteng nag-aaral ng Ingles
 - >Naglilibot (naglalakbay) na mga guro ng ESL na sumusuporta sa mga bata sa maraming mga paaralan

Kailangan ko bang magpatuloy na makipag-usap sa aking anak sa aming unang wika?

SIYEMPRE! Ipinakikita sa pananaliksik na ang mga batang may malakas na pundasyon sa kanilang inang-wika ay nagkakamit ng mas higit na tagumpay sa paaralan at sa ating global na lipunan.



Anong ESL/ELD na tulong ang naroroon para sa sekundaryong mga estudyante?

Limang ESL at limang ELD na mga kurso, na itinakda batay sa mga antas ng kahusayan sa Ingles at pag-unlad sa pagbabasa at pagsusulat, **hindi batay sa grado**

Ang mga kursong ESL at ELD ay bukas (nangangahulugan na ang mga estudyante ay maaring magpatuloy ng landas pagkatapos ng paaralang sekundaryo)

Ang mga estudyante ay maaring magpalit ng hanggang sa **tatlong** mga kurso ng ESL o ELD para sa sapilitang mga kredito na kinakailangan sa Ingles para sa kanilang diploma

Ang karagdagang mga kredito sa ESL/ELD ay maaring bilangin bilang opsyonal na mga kredito para sa kanilang diploma

Ang mga ispesyal-na ibinagay na mga kurso sa kasaysayan, agham, pag-aaral ukol sa mga karera, mga sibiko, at iba pang mga compulsory na mga paksa



Ano ang mga benepisyo ng mga programang ESL/ELD?

- Ang mga estudyante ay nagkakaroon ng kakayahan na gumamit ng Ingles sa paaralan upang makakamit ng pang-akademikong tagumpay
- Ang mga estudyante ay nagkakaroon ng kakayahan na magsalita at magsulat ng Ingles upang makipag-usap nang epektibo sa iba't-ibang mga sitwasyon
- Ang mga estudyante ay mas mahusay na nakalahok sa pangsosyal, pang-ekonomiko, pampulitiko, at pangkultural na pamumuhay sa Canada at sa kanilang sariling komunidad
- Ang mga estudyante ay nagkakaroon ng karagdagang pagpapahalaga para sa kanilang sarili, at ibang mga kultura, mga pinanggalingan, at mga wika

